**CARLOS PALANCA MEMORIAL AWARDS FOR LITERATURE**

Division: Kabataan
Category: Kabataan Sanaysay
Ikatlong Gantimpala ni Jason Renz D. Barrios

"Paano makaaapekto ang social media sa paghubog ng sariling pagkakakilanlan sa mga kabataan?"

---

# Ang Pinakamagandang Pamato sa Larong Piko

Sa tuwing napadadaan ako sakay ng munting awto ni ama sa kalyeng katapat ng bakanteng loteng dati'y kinatitirikan ng luma naming bahay na ipinagiba matapos tuluyang lamunin ng mga anay ang mga dingding nitong yari sa kahoy, hindi ko maiwasang pansamantalang tigilan ang pagpindot sa aking selpon para tumingin sa bintana at sariwain ang aking pagkabata. Doon na kasi ako nagsimulang paunti-unting buuin ang aking mga pangarap tulad ng pagbuo ng mga *puzzle* na palaging inerereregalo sa akin tuwing pasko. Maliit lamang ang kalyeng aking kinalakhan. May sapat na espasyo upang makapaglaro ng langit-lupa at may malilim na puno nagsisilbing pagpahingahan kapag napagod na.

Batang-kalye man kung tawagin, hindi ko iyon ikinahihiya dahil masaya kaya maging isang batang kalye. Biruin mo sa iyong pang-araw-araw na paglalaro ay hindi lang tuwa ang iyong madarama pati na rin ang aksyon sa pakikipagpatintero sa mga dumadaang pampasaherong sasakyan. Kung may isang pinakapaborito akong laro noon, ang piko na iyon, sunod lang ang luksong bakang paborito naman ng kapatid ko at tagu-taguang palaging ako ang nagiging taya, marahil dahil mahilig akong gumuhit ng mga hugis at larawan. Sa bawat pagkaskas kasi ng bato sa sementadong daan, nakalilikha ako ng isang panibagong mundo mula sa aking imahinasyon. Naaalala ko nga noong minsang napagalitan ako ni inay dahil ginabi na ko ng uwi matapos lang

yung laro namin ng piko, isang linggo din akong hindi pinalabas ng bahay at kinulong sa kwarto noon para magtanda. Isa pa sa masayang parte ng piko ay ang paghahanap ng magandang pamato, maaari itong maliit na bato mula sa construction site na katabi ng tindahan ni Mang Greg o parte ng basag na pinggan o ‘di naman ay bote. Sa totoo lang di ko alam kung ano ang pinakamagandang pamato sa paglalaro ng piko. Minsan tama lang dapat ang bigat, minsan naman dapat hindi gaanong kalakihan. May mga pagkakataon na maganda yung makinis at malambot sa balat.

Maswerte nga raw ako ayon sa aking ama dahil nagawa kong maranasan ang lahat ng ito noong bata ako bago tuluyang maging uso ang teknolohiya, hindi tulad ng mga bata ngayon na hindi mo na makikitang lumalabas ng mga bahay dahil buong araw na lang nakatutok sa mga computer nila. Wala na rin akong nasisilayang mga magkakaibigang paslit na naglalaro doon sa dati naming tambayan, tindahan na lamang ni Mang Greg ang nananatiling matibay sa lugar. Wala na ring mga kaskas ng bato sa sementadong daan. Malaki na nga ang naging sakop ng teknolohiya kumpara noong bata pa ako. Ngayon, marami nang bago, iba’t iba na ang nauuso. Hindi na ang mga larong kalyeng kinahumalingan ko ang nagiging pampalipas oras ng mga bata ngayon, napalitan na ito ng internet.

Hindi maitatangi ang pagiging malaking parte ng internet sa ating buhay ngayon, dahil dito nagiging mas kawili-wili ang mga pang-araw-araw nating gawain. Sa pamamagitan nang isang simpleng *click* lamang ay nagagawa nating maipahayag ang nilalaman ng ating isipan. Isa na ang *Social Media* sa mga naging pinakapatok na bunga nang pag-usbong ng internet, sa kadahilanang bumubuo ito ng koneksyon sa bawat isa magkaiba man ang lugar na pinagmulan, lumilikha ito ng tulay upang makakilala ng mga indibidwal na pwede nating matawag na kaibigan at higit sa lahat nagsisilbi itong daan upang makamit natin ang ating mga pansariling kaligayahan. Sa katunayan humigit kumulang 40 milyong Pilipino na nga ang may sariling *social media accounts* ayon sa

pinakabagong estatistika, kaya hindi na kataka-takang tinagurian ang Pilipinas bilang isa sa pinaka-aktibong bansa pagdating sa paggamit ng *internet.* At ako mismo aminadong hindi nakatakas dito, eh sino ba sa panahon ngayon ang wala pang Facebook o kaya naman ay Twitter? Halos lahat na ata ng kilala ko ay meron at karamihan sa kanila ay kabataan rin na tulad ko.

Napakalawak ng *social media*. Isa itong *freedom wall* na kung saan ang lahat ay may kakayahang ipahayag ang kani-kaniyang naiisip nang walang humahadlang. Isang pampublikong talaarawan ng bawat tao, kung saan ang bawat kaganapan kahit ang simpleng paghinga ay ibinabahagi rito. Isa rin itong tanghalan ng mga litrato na repleksyon ng kalagayan sa kasalukuyan. Pero sa gitna ng magagandang benepisyo nito sa kabataan, isa rin ito sa malalaking rason na pumipigil sa kanila upang higit na makilala ang sarili.

2,645 *friends* sa Facebook, 525 *followers* sa Twitter, 5,021 na tagasubaybay sa tumblr at 409 na tagasunod sa Instagram. Iyan ang mga numerong araw-araw kong tinitignan sa pagmulat ko pa lamang ng dalawa kong mga mata. Mga numerong patuloy na nadaragdagan sa paglipas ng oras. Naging parte na ng sistema ko ang minu-minutong pagtingin kung may dumadagdag ba sa bilang ng mga ito o kung ‘di naman ay may bagong *notification* akong matatanggap. Alam kong hindi lang ako ang naging ganito na ang pamumuhay. Paniguradong marami sa kabataan ngayon ang maiintindihan ang mga pinagdaraanan ko.

Ang mundo ng *social media* ay isa ring napakalaking kompetisyon ng iba’t ibang indibidwal kung saan ang mga sumusunod sa kung ano ang uso ay siyang umaangat, at ang tumataliwas ay napag-iiwanan. Nagtatakda ito ng limitasyon sa isipan ng kung ano lamang ang mga dapat gawin.  Marami sa mga kabataan ngayon ang inaayon ang paraan ng pamumuhay sa

kung ano ang *trending* sa *world wide web* dahil dito naisasantabi na nila ang kanilang mga tunay na potensiyal at kakayahan. Kung ano lang kasi ang maganda para sa nakararami ayon lamang ang nagiging katanggap-tanggap.

Aaminin ko kabilang rin ako sa malaking porsyento ng kabataan ngayon na mas madalas pang nakatingin sa Facebook, kaysa sa totoong mga libro. Sa dami ba naman ng magagandang pangako nitong hatid, sinong hindi maeengganiyo? Dito pwede ka maging kahit sino mang gustuhin mo nang walang nakakaalam, maaari kang sumigaw nang hindi napapaos at hinahayaan ka nitong makipagsalamuha sa iba nang hindi kinakailangang umalis ng tahanan. Ngunit may isang bagay akong napansin sa lampas sampung oras kong pag-oonline at pagkukulong sa aking silid linggo-linggo tulad ng parusa ni inay noong minsang ginabi ako ng uwi kakalaro ng piko, at iyon ay ang pakiramdam ng hindi pagiging sapat. Ayon sa kanila meron akong kalayaan sa internet, ngunit bakit pakiramdam ko isa akong ibong nasa kulungan, isang alipin ng mga salita ng iba. Kausap ko nga ang lahat ng tao sa mundo, ngunit kapag lumingon ako sa paligid mag-isa pa rin ako sa aking kwarto naghihintay ng pagsang-ayon mula sa iba. Pinagmamasdan ko ang pagdami ng mga numero at pagdagdag sa bilang ng mga kamay na nakataas ang hinlalaki simbolo ng pag-apruba. Hindi na ako masaya dahil hindi ko pa rin magawang mahigitan ang iba. Sa bawat pag-scroll ko pababa, inggit ang nadarama, inggit sa mga bagay na meron sila. Gusto ko rin maging katulad nila.

Sa aking palagay bilang kabataan, nababago ng social media ang pagtingin natin sa ating mga sarili base sa kung paano tayo tinitignan ng mga taong ating inuugnayan dito. Dahil sa pagiging desperado sa atensyon at pagtanggap mula sa iba, hinahayaan na lamang ng kabataan na depinihin sila ng mga bagay na nakikita nila sa internet. Ngunit ang tanong, gaano ba karaming

*likes* ang kakailanganin upang mapatunayan natin sa ating mga sarili at mapagtanto na hindi dito nasusukat ang ating pagkatao?

Sa totoo lang hanggang ngayon patuloy ko pa ring hinahanap kung ano ang pinakamagandang pamato sa paborito kong larong piko tulad ng paghahanap ko sa aking sarili. Siguro wala naman talagang pinakamagandang pamato, dahil hindi naman talaga iyon ang mahalaga. Kahit maging isang maliit na bato man ito o parte ng basag na pinggan o di naman ay bote. Magaan man o mabigat. Malaki man o maliit. Magaspang man o makinis. Nasa paraan pa rin ng paglalaro kung paano tayo mananalo katulad ng buhay ng tao, hindi mahalaga kung ano ka pa o saan ka nagmula, hindi importante ang idinidikta ng iba, nasa kung paano mo haharapin ang buhay nang matatag at maligaya.

Ika nga ni Simon Tam, isang pamosong musikero at manunulat "Ang pagiging kakaiba mo ang iyong pinakamatinding kalakasan, hindi kung gaano mo kahusay tularan ang iba." Kaya naman hindi masamang paminsan-minsan ay mag-log-out muna tayo at lisanin ang magulong dimensyon ng social media, at muling balikan ang mga bagay na tunay na sa atin ay nagpapasaya dahil hindi natin sa *internet* makikita ang kasagutan sa tanong na "Sino ba ang talaga ang totoong ako?" kung hindi sa ginagalawan nating tunay at makulay na mundo.